



## PICTOGRAPHS NG MGA SALITANG TAYABASIN AT PAGPAPAKAHULUGANG DENOTASYON AT KONOTASYON

**JERSON G. ANARETA**

**IMELDA G. CARADA, Ph.D.**

17-FS-FI-221@lspu.edu.ph

<https://orcid.org/0000-0001-5999-9929>

Laguna State Polytechnic University, San Pablo City Laguna, Philippines

### ABSTRAK

Binigyang-diin sa pag-aaral na ito ang Pictographs ng mga Salitang Tayabasin at Pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon. Isinagawa ito sa pamamagitan ng pagbuo at pagbabalideyt ng pictographs ng mga salitang Tayabasin at pagsasagawa ng pauna at panapos na pagtatayang pagsusulit sa pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon sa mga mag-aaral. Gumamit ang mananaliksik sa pag-aaral na ito ng correlational at eksperimental na pamamaraan upang mabatid kung may makabuluhang kaugnayan ba ang pictographs ng mga salitang Tayabasin at pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon at gayundin ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng pagpapakahulugan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos na pagsusulit. Upang mataya ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon, gumamit ang mananaliksik ng talatanungan gamit ang Google Form. Isinagawa ang stratified random sampling upang pillin ang mga tagasagot na mag-aaral mula sa tatlong strand na ABM, HUMSS at STEM ng Grade 11. Ginamit ng mananaliksik ang mean at standard deviation sa pag-alam sa antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pictographs ng mga salitang Tayabasin at frequency percentage para sa antas ng pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa denotasyon at konotasyon at 0.1 na lebel ng significance para sa pagkuha ng makabuluhang pagkakaiba at ugnayan ng mga baryabol. Gayundin, ginamit ng mananaliksik ang pearson r upang malaman ang mahalagang kaugnayan ng pictographs ng mga salitang Tayabasin at pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon ng mga mag-aaral. Ayon sa kabuuang resulta ng pag-aaral, lumabas na ang pictographs ng mga salitang Tayabasin ay walang makabuluhang kaugnayan sa pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon.

*Susing Salita: Pictographs, salitang Tayabasin, kahulugan, denotasyon, konotasyon*